


LIGHTNING STUDIES

Centre for the Translation of Constraints,
Conflicts and Contaminations
CTCCC

In 1879, Daniel Defoe's popular novel *The Life and Strange Surprizing Adventures of Robinson Crusoe* (1719) flows from the workshop of the world into the contours of an archipelagic space in a series of accumulation and extraction: its compression into a "useful" and "entertaining" pedagogical work in Joachim Heinrich Campe's German translation *Robinson der Jüngere: Zur angenehmen und nützlichen Unterhaltung für Kinder* (*The new Robinson: Agreeable and useful entertainment for children*, 1779/1780); its ethico-moral conversion into Spanish language through Tomás de Iriarte's *El Nuevo Robinson: historia moral, reducida á dialogos para instruccion y entretenimiento de niños y juvenes de ambos sexos* (*The new Robinson, a moral story, reduced into dialogues for the instruction and entertainment of children and young people of both sexes*, 1789); and in *Ang Bagong Robinson: historiag nagtuturo nang mabubuting caugalian, na guinauang tanungan nang icatuto at icalibang nang manga batang babayi,t, lalaqui* (*The new Robinson, a story that teaches good conduct, that has been made into a question and answer form so that girls and boys can learn and be entertained*, 1879), Joaquin Tuason's religious investment and explication, commissioned and published by Dominican Colegio de Santo Tomas as the second novel introduced to Tagalog-speaking Philippines.

The spatiotemporal transformation of Robinson Crusoe during the rift between colonization and industrialization provides a watershed in apprehending a number of historical and contemporary conjunctures and disjunctures by looking into the textual turns and twist of a pedagogical container. As the inertia of the colonial world's knowledge system breaks into the streams of exploratory capital, the relay of fragments crystallizes before seeping through the colonial subject's social ground. In Tuason's earnest and faithful translation of Iriarte's work, the original text's functional intention—as what some scholars described as "a miniature history of human development" according to "bourgeois individualism"—had been changed into an encyclopedic storytelling of religious virtues. The Tagalog translation reinforced the censorship that Iriarte had initially performed, in which the use of simple, childish and informal language, linguistic style and tone was altered to privilege "horrible formalism," "complex grammatical constructions," "learned words," proper modes of address and scientific facts. Tuason's attempt for cultural sensitivity and context specificity, however, confounded Robinson Crusoe with his footnotes, insertions, deletions, and other explicatory annotations—conjuring a delirious yet convenient comparative study of Europe and the Philippines, and ultimately producing a catholic pedagogical model of "living in a deserted island."

The centrality of forming an institution serves two purposes: as a reference for undoing the overdetermined proposition of the so-called pedagogical models, which could position translation as a critical method and praxis of pedagogy; and as a vector of exploring partially visible modes of organization, such as co-production of discursive elements, conceptual histories, and incidental alternatives through the interpellation and injunction of texts and images. The discursive capacity and comparative potential of translation are asserted as devices for navigating the insights of cultural transformation instead of analyzing knowledge transfer. The inquisitive parkour between the proposed institution and the assembly of histories, passages and relationships in/with *Ang Bagong Robinson* are anchored in problematizing the loaded translation of three political-economic concepts: constraints, conflicts and contaminations; in order to disambiguate the relationship between pedagogy and problem-solving, and the performativity of language and the invocation of images.



Lightning Studies: Centre for the Translation of Constraints, Conflicts and Contaminations works with Megan Michalak, Giuliana Racco/Matteo Guidi, Mario Santamaria and Christina Schultz in building a discursive architecture and in possibilizing a series of playful and inventive moments for knowing and unknowing in an attempt to found an affective institution for relational translation.

Overlapping and perhaps antagonistic, the registers accommodated lay out a network of variegated provocations to discuss different articulations, structures and experiences of constraints, conflicts and contaminations, and how this design of political economy forms pedagogical templates and consequently deploys problem-solving ideologies through didactic channels.


The commitment of artists Giuliana Racco and Matteo Guidi in studying the dynamics of closed structures and how individuals and groups, who are subjected to these conditions, strive to overcome constraints dismantles the veneration of Robinson Crusoe's Tagalog translation of suffering and deprivation. Here, Racco and Guidi's contemplative approach to the molecular strike of quotidian resistance complicates the limited characterization of human condition and "bearing suffering" in both Spanish and Tagalog translations. Ironically, the artists' contribution intimates the perceived disparity between extractive colonialism and postfordist fragmentation in the formation of suffering.

In creating histories of abundance for cultural and community memory, Megan Michalak's "public invitation[s]" are practices of anticipation—and therefore, *futural* translations. As translation can only conceive itself retroactively, Michalak produces historiographical abrasions that paradoxically convert systems of violence and exploitation into the coordinates of the everyday. Michalak's multiplication of constraints deflects the engagement to subjects of violence, in which their unintelligible responses, such as strength of the will emphasized in *Ang Bagong Robinson*, invisible to the colonial gaze appear as strategies of resistance and hardly performances of passivity and victimization.

The quirky and fantastical auto-didacticism of Christina Schultz approximates the gap between invention, intervention and difficulty. The artist's collaborative approach shares a kinship with notions of help explored in Tuason's translation of Robinson Crusoe which both insist the importance of social existence and relations in solving difficulties. In contrast to the Tagalog translation's coterminous use of help with endurance and good virtues, Schultz's disposal of "helping hands" demands a cooperation that leads to subversion of relationships and continuation of learning. It inverts, or at least suspends, the possible complicity of collaboration, introducing tactical truth-telling and careful risk-taking in working together.

Mario Santamaria, on the other hand, consigns virtuality into a political position. The artist's rendition of contexts into a plane of indeterminacy enables the double contamination of virtuality in the faculties of the translator and author. Like indigenous translations of Western texts, the virtualities of receptors and actors of cultural transformation, such as translation, release the knowledge system into a realm prone to conflict. Santamaria's techniques of appropriation and assemblage layer resistance to conflicts on the staging of conflict as an interface. This interface as a contact zone resembles the field of translation as a territory for the struggle of (un)making and determining meanings.

Lightning Studies: Centre for the Translation of Constraints, Conflicts and Contaminations, a fictional institution that mimics the fiction of European Enlightenment's and capitalist modernity's transformation, traces the archaeology of turns and omissions in translation, then archives the ongoing and futural translations of artistic impulses to reconfigure discursively a new constellation of pedagogies. Akin to lightning, the trans-historical figuration of Robinson converts the assumption of a universal political economy into conceptions of constraint, conflict and contamination. Ultimately, Lightning Studies reimagines the codified discussion of exploitation and liberation, dislodging the positivism of technical development and anthropogenic dominance clogged in the arteries of pedagogical infrastructures.



FOOTNOTES

Footnotes are activities designed as annotations to the development of artistic contributions to Lightning Studies: Centre for the Translation of Constraints, Conflicts, and Contaminations. Dispersed in the city of Barcelona, Footnotes is a series of encounters and meetings with materials, references, cultural agents, and institutions. It works as a discursified waiting list—protruding in the frame of the project, or merely resolving its irrelevance or impossibility to be translated. Practically, its method responds to the question: how do we document and then retrieve something that is marked or registered, but it has neither fully shown itself to us nor formed its connection to our context?

Close reading of Robinson Crusoe

An open-ended and intimate activity of reading different versions of *Robinson Crusoe*, loosely organized around the notions of *departure* and *reading*.

TIPS TO ACHIEVE AN HYGIENIC BODY

with

JUAN CANELA (*BAR project*)

DAVID ARMENGOL

(*independent curator*)

MARIOKISSME AND R. MARCOS

(*El Palomar*)

ROSA LLEO AND JOAO LAIA

(*The Green Parrot*)

In this occasion, the collaboration between formal institutions and alternative/alternating institutions is viewed in the (mal)practice of sanitation and the images of antiseptic. Smuggling the method of cleaning and tying it into institutions' shared goals of achieving "public good" and living together in a public sphere, the session draws cases from the artistic context of the city in order to discuss an often neglected link between pathogens and civilized life as an underlying motivation to attain "public good" or "livable public sphere". The discussion will begin with the following questions: How do institutions clean themselves? Or what happens when institutions clean their bodies? Is there a ritual, a habit perhaps? Does the alternative, the independent, the alternating, and/or the civil society become the drainage system of institutional sanitation? Who are labeled as unclean, or what places or bodies need to be cleaned? Ultimately, what contexts do we make and what critical practices are made possible in a sanitary environment?

PLEASE BE MORE SPECIFIC

A walkthrough with

XAVIER DE LUCA from Museu

Geològic del Seminari to

GIULIANA RACCO and MATTEO

GUIDI's *The Artist and the Stone*

installation at Pla de Palau

Please be more specific touches on the burden of the term "context-specific," unpacks how the term instructs modes of action, and maps out the limitations of the so-called critical engagement. Connected to the scientific reliance to "site-specificity" and its presumed capacity to

convert inertia to kinesia, the discussion at Plaza de Palau looks into the placement of address when context specificity is invoked in a project. In artistic projects, who carries the burden of specificity, and what modes of address are exercised in order to utilize context specificity either as a method or a material? Can context specificity as a form of the sensible be distributed? Can it be corrupted, and if so, how can we reclaim it?

DICTATION-DIDACTICISM DICTATORSHIP: DO YOU KNOW THE DISTANCE BETWEEN THEM?

with

IRINA MUTT, PEP VIDAL

and RAQUEL FRIERA

The second session triangulates three terms that hardly approximate each other because of the scale and/or degree they represent, or because of images of valuation that have been consigned to them. *Dictation-Didacticism-Dictatorship: Do you know the distance between them?* problematizes the proximity of pedagogical procedures between the triangulation of dictation, didacticism and dictatorship; and how they translate in attempts of standardization and regularization. In professionalized (and sometimes tokenized) formats of relationship, such as collaboration, cooperation, or partnership, how do we confront ineligible moments of dictation, didacticism and dictatorship? How do we invert them when these moments are intertwined with social and political possibilities of solidarity and criticality? Do we magnify and expose them? What risks do we take when we call out the distance between them? How do new imaginations and frontiers are sustained when we injure the lines that separate dictation, didacticism, dictatorship, critical pedagogy, collaboration/cooperation, criticality, and solidarity? What truth-telling and risk-taking do we employ and for how long do we do it just to expose an invisible distance?

Organizes:

hlaberarte:
CURATORS
NETWORK

BancoSabadell
Fundación

Activity supported by the
Ministerio de Educación, Cultura y Deporte

With the collaboration of:

With the additional support of:

Museu Geològic del Seminari

So Camibral
SANTAMARIA

Maria Marqués, David Armengol, Andrea Gómez,
Nuria Marqués, Ruben Verdu


And assistance of:

ORG
HANGAR

RENAN LARU-AN
ENCURA CURATORIAL RESEARCH RESIDENCY 2016
HANGAR BARCELONA

LIGHTNING STUDIES

GIULIANA RACCO
MEGAN MICHALAK
CHRISTINA SCHULTZ
MARIO SANTAMARÍA



CTCCC

Centre for the Translation
of Constraints, Conflicts
and Contaminations

LIGHTNING STUDIES

Centre for the Translation of Constraints,
Conflicts and Contaminations
CTCCC

Noong 1879, ang sikat na nobelang *The Life and Strange Surprizing Adventures of Robinson Crusoe* (1719) ay dumadaloy mula sa palihan ng mundo tungo sa mga hugis ng espasyong arkipelagiko sa serye ng pag-ipon at pagkatas: sa pagpapaikli nitó sa isang “kapaki-pakinabang” at “nakalilibang” na akdang pedagogiko sa salin sa Aleman ni Joachim Heinrich Campe na Robinson der Jüngere: *Zurangenehmen und nützlichenUnterhaltungfür Kinder (Ang Bagong Robinson: Nakalulugod at kapaki-pakinabang na panlibang sa mga bata, 1779/80)*, ang etiko-moral na kumbersiyon sa Español sa pamamagitan ng *El Nuevo Robinson: historia moral, reducida á dialogos para instruccion y entretenimiento de niños y jóvenes de ambos sexos (Ang Bagong Robinson: isang kuwentong may aral, pinaikli sa mga diyalogo para sa gabay at ikalilibang ng mga musmos at kabataan ng parehong kasarian, 1789)* ni Tomás de Iriarte; at sa *Ang Bagong Robinson: historiag nagtuturo nang mabubuting caugalian, na guinauang tanungan nang icatuto at icalbang nang manga batang babayi,t, la-laqui*, panrelihiyong ambag ni Joaquin Tuason, kinomisyon at inilimbag ng Dominikong Unibersidad ng Santo Tomas bilang ikalawang nobelang ipinakilala sa Katagalugan ng Filipinas

Ang transpormasyong espasyo-temporal sa panahong lumalaki ang pagitan ng kolonisasyon at industriyalisasyon ay naghahandog ng pagitan para sa pag-unawa sa maraming historiko at kontemporaneong pagkakasabay at paghihiwalay sa pamamagitan ng pagkiling sa tekstuwal na pag-ikot at pagpihit ng isang sisidlang pedagogiko. Sa panghihimasok ng inersiya ng sistemang pangkaalaman ng kolonyal na daigdig sa mga daluyan ng mapanggalgad na kabesera, namumuo ang maliliit na mga bahagi bago tuluyang lumusot patungo sa panlipunang lunan ng kolonyal na sabjek. Sa masinop at matapat na salin ni Tuason ng salin ni Iriarte, ang praktikal na layon ng orihinal na teksto—tulad ng paglalarawan ng mga iskolar na “maikling kasaysayan ng pag-unlad ng tao” ayon sa “indibidwalismong pamburges”—ang napalitan bilang ensiklopedikong pagsasalaysay ng panrelihiyong birtud. Pinaigting ng saling Tagalog ang sensura na itinanghal ni Iriarte, na binago ang payak, tinig-batà, at impormal na wika, estilong lingguwistiko, at tono upang magbigay-daan sa “nakasusuklam na pormalismo,” “masalimuot na pagbubuong gramatikal,” “natutuhang salita,” “wastong pamamaraan ng pagtawag” at mga impormasyong siyentipiko. Ngunit pinalabo ng pagtatangka ni Tuason sa kultural na sensitibidad at pagiging-tiyak-sa-konteksto ang Robinson Crusoe sa kaniyang mga talababà, mga pagsisingit, pagtatanggal, at iba pang mga anotasyon para sa mga paliwanag—nililikha ang isang nakahihibang ngunit madaling komparatibong pag-aaral ng Europa at ng Filipinas, at panghulí ay paglikha ng isang unibersal na pedagogikong modelo ng “pamumuhay sa isang abandonadong isla.”

Sa Hangar, ugnay ang korpus ng mga proseso at inskripsiyong artistiko sa tanikalang salin (*relay translation*) ng Robinson Crusoe upang magmuni sa Lightning Studies: Centre for the Translation of Constraints, Conflicts and Contaminations bilang hinaraya, birtuwal, at lumilipas na institusyon ng maugnaying pagsasalin (*relational translation*). Nagsisiilbi sa dalawang layunin ang sentralidad ng pagbuo ng isang institusyon: bilang sanggunian sa pagwasak sa labis na panukala ng tinatawag na modelong pedagogiko, na maiposisyon ang pagsasalin bilang kritikal na pamamaraan at praktika ng pedagogiya; at sa pagtáya ng tiyak na lunan sa pagtuklas ng naaninag na mga moda ng organisasyon, tulad ng ko-produksiyon ng mga elementong dis-

kursibo, historikong konsepto, at insidental na mga alternatibo sa pamamagitan ng mga pagsisiyasat at pagtatakda ng mga teksto at imahen. Ang diskursibong kapasidad at komparatibong kapasidad ng salin ay iginigiit bilang mga kasangkapan sa paggalugad ng mga kislap-diwa (*insight*) ng transpormasyong pangkultura sa halip na pagsuri sa pagpása ng kaalaman (*transfer of knowledge*). Ang mapang-usisang parkour sa panukalang institusyon at asamblea ng mga kasaysayan, mga sipi, at mga ugnayan sa Ang Bagong Robinson ay iaangkla sa pagpoproblema sa makabuluhang pagsasalin ng tatlong ekonomiko-politikal na kosepto: balakid, tunggalian, at kontaminasyon; upang maunawaan ang ugnayan ng pedagogiya at paglutas-sa-problema, at ang kakayahang magtanghal ng wika at pumukaw ng imahen.

Layon ng Lightning Studies: Centre for the Translation of Constraints, Conflicts and Contaminations na makipagtulungan kanila Megan Michalak, Giuliana Racco/Matteo Guidi, Mario Santamaria, at Christina Schultz sa pagbuo ng isang diskursibong arkitektura at pagsasakatuparan ng serye ng mapaglaro at malikhaing mga sandali para sa pag-alam at di-pag-alam sa isang pagtatangka sa paghanap ng isang naapektuhang institusyon para sa maugnaying pagsasalin. Lumalaggas at marahil antagonistiko, naglalata ang mga kinalap na mga rehistro ng isang network ng magkakaibang danas ng mga balakid, tunggalian, at kontaminasyon, at kung paano binubuo ng disenyo ng ekonomiyang politikal ang modelong pedagogiko at awtomatikong naghahandog ng tumutugon-sa-mga-suliraning mga ideolohiya sa pamamagitan ng mga didaktikong tsanel.

Ang dedikasyon ng mga manlilikhang sina Giuliana Racco at Matteo Guidi sa pag-aaral ng dinamika ng mga saradong estruktura at kung paanong ang mga indibidwal at mga pangkat, na napapaloob sa mga kondisyong ito, ay hinaharap at nilalagpasan ang mga balakid, itinatakwil ang paghanga (*vernation*) sa saling Tagalog ng Robinson Crusoe sa pagdurusa (*suffering*) at pagkakait (*deprivation*). Dito, ginagawang masalimuot ng lápit nina Racco at Guidi sa maliliit na pangkaraniwang mga pagtutol na ang limitadong karakterisasyon ng kalagayang pantao at “pagtititiis” sa kapuwa saling Español at Tagalog. Magkagayunman, ironikong pinasisidhi ng ambag ng mga manlilikha ang natukoy na pagkakaiba ng ekstraktibong kolonyalismo at pragmentasyong postfordist sa pagbubuo ng pagdurusa.

Sa paglikha ng mga kasaysayan ng kasaganaan para sa alaalang pangkultura at pangkomunidad, ang “[mga] pampublikong paanyaya” ni Megan Michalak ay mga praktika ng pag-aabang (*anticipation*)—at samakatwid, mga pagsasalang panghinaharap (*futural translation*). Dahil ang pagsasalin ay maaari lámang masuri ang sarili sa pamamagitan ng nakaraan, lumilikha si Michalak ng mga historyograpikong pagbabago na mabalintunang binaligtad ang mga sistema ng karahasan at pang-aabuso sa mga coordinates ng pang-araw-araw. Hinaharang ng multiplikasyon ng mga balakid ni Michalak ang pakikisangkot sa mga napasailalim sa karahasan, na ang kanilang di-maunawaang mga tugon, tulad ng sidhi ng pagkukusa na itinampok sa Ang Bagong Robinson, di-nakikita sa kolonyal na titig ay nagmimistulang mga estratehiya ng pagtutol (*resistance*) at hindi sa pagtatanghal ng di-pagkilos at biktimisasyon.

Tinatantiya ng kakaiba at fantastikong awto-didaktisismo ni Christina Schultz ang puwang sa pagitan ng imbensiyaon, interbensiyon, at paghihirap. Umuugnay ang kolaboratibong dulong ng manlilikha sa mga sapantaha ng tulong na tinutuklas sa salin ni Tuason ng Robinson Crusoe na kapuwa iginigiit ang halaga ng panlipunang pag-aaral at ugnayan sa paglutas sa mga pagsubok. Bilang salungat sa naghahalinhinang paggamit ng pagtulong-nang-may-katatagan at mabuting birtud, naghahangad ang pagtatakwil ng “pagbubukas-palad” ni Schultz ng pakikipagtulungan na nagreresulta sa subersiyon ng mga ugnayan at pagpapatuloy ng pagkatuto. Binabaligtad, o di kayà inaantala, ang posibleng salimuot ng pakikipagtulungan, ipinakilalala ang taktikal na pagsasabi-ng-totoo at maingat na pagharap-sa-panganib sa pagtutulungan (*working together*).

Pinagtatagpo, sa kabilang banda, ni Mario Santamaria ang birtuwalidad sa isang posisyong politikal. Pinapangyari ng rendisyon ng manlilikha sa mga konteksto sa lunan ng walang-katiyakan ang dobleng kontaminasyon ng birtuwalidad sa mga kakayahan ng tagasalin at may-akda. Katulad ng katutubong pagsasalin ng mga Kanluraning teksto, ang birtuwalidad ng mga tagatanggap at tagaganap ng transpormasyong pangkultura, tulad ng pagsasalin, ay pinakakawalan ang sistema ng kaalaman sa lunan ng maraming



tunggalian. Ang mga teknik ng pag-angkop (appropriation) at pagkakabit ni Santamaria ay nagdadagdag ng pagtutol sa tunggalian sa pagtatanghal ng tunggalian bilang interface. Tinutularan ng interface na ito bilang lunan ng mga pagtatagpo ang larang ng pagsasalin bilang teritoryo para sa pagsagupa sa (di-)pagbuo at pagtukoy ng mga kahulugan.

Ang Lightning Studies: Centre for the Translation of Constraints, Conflicts and Contaminations, isang kinathang institusyon na tinutularan ang pagkatha ng transpormasyon ng Europeong Pagkamulat at kapitalistang modernidad, at sinisinop ang kasalukuyan at panghinaharap na pagsasalin ng artistikong simbuoy upang baguhing muli ang pagdiskurso sa bagong konstelasyon ng mga pedagogiya. Tulad ng kidlat, binabago ng trans-historikong anyo ni Robinson ang pagpapalagay sa isang unibersal na ekonomiyang politikal sa pagdalumat ng balakid, tunggalian, at kontaminasyon. Panghulí, muling hinaharaya ng Lightning Studies ang kodipikadong pagtalakay ng pag-aabuso at paglayà, binabaklas ang positibismo ng teknolohikong pag-unlad at antropohenikong pananaig na bumabara sa mga ugat ng impraestrukturang pedagogiko.

FOOTNOTES

Ang Footnotes ay mga gawaing nakadisenyo bilang mga anotasyon sa pagbuo ng mga artistikong ambag sa Lightning Studies: Centre for the Translation of Constraints, Conflicts, and Contaminations. Nakaestasyon sa maraming bahagi ng Lungsod Barcelona, ang Footnotes ay serye ng mga pagtatagpo at pagtitipon ng mga materyales, sanggunian, ahenteng pangkultura, at mga institusyon. Gumagana ito bilang naidiskursong mga reserbado—lumalaggas sa balangkas ng proyekto, o nilulutas lamang nitó ang kawalang-halaga o imposibilidad ng pagsasalin. Sinasagot ng mga pamamaraan ang tanong na: paano natin idodokumento at babawin paglaon ang isang bagay na markado o rehis-trado, hindi man nailantad sa atin ang kabuuang anyo o hindi man nakalikha ng koneksiyon sa ating konteksto?

Close reading of Robinson Crusoe

Isang bukás at matalik na pagbása ng iba’t ibang bersiyon ng Robinson Crusoe, na malapít sa mga idea ng paglisan at pagbása.

MGA HAKBANG PARA SA MALINIS NA KATAWAN

Kasáma sina
JUAN CANELA (*BAR project*)
DAVID ARMENGOL
(independent curator)
MARIOKISSME AND R. MARCOS
(*El Palomar*)
ROSA LLEO at JOAO LAIA
(*The Green Parrot*)

Sa okasyong ito, tinitingnan ang pagtutulungan ng mga pormal at alternatibo/naghahalinhinang institusyon


sa (maling) gawi ng kalinisan at mga imahen ng antiseptiko. Sa pagpuslit sa pamamaraan ng paglilinis at pagtahi dito sa pinagsasaluhanang adhika ng mga institusyon sa pag-abot ng kabutihang pampubliko (*public good*) at magkasamang pamumuhay sa pampublikong espero, nagtatalà ang sesyon ng mga kaso ng artistikong konteksto ng lungsod upang talakayin ang palaging naliliimot na ugnayan ng mga patogeneo at sibilisadong pamumuhay bilang saligang panganyak sa pag-abot ng kabutihang pampubliko o “natitirhang esperong pampubliko” (*liveable public sphere*). Magsisimula ang talakayan sa sumusunod na mga tanong: Paano nililinis ng mga institusyon ang kanilang mga sarili? O ano ang nangyayari sa

paglilinis ng mga institusyon sa kanilang mga sarili? Mayroon bang ritwal, o di kayà ay nakasanayan? Ang alternatibo, nagsasarili, naghahalinhinan, at/o lipunang sibil ba ang nagiging agusan ng institusyonal na paglilinis? Sino ang itinatakang di-malinis, o anong mga lunan at lawas ang kailangang linisan? Panghulí, anong mga konteksto ang nililikha at anong mga kritikal na gawi (practices) ang ginagawang posible sa kaligirang malinis?

MAGING TIYAK, PAKIUSAP

A walkthrough with
XAVIER DE LUCA from Museu
Geològic del Seminari to
GIULIANA RACCO and MATTEO
GUIDI's *The Artist and the Stone*
installation at Pla de Palau

Pamamasyal kasáma si XAVIER DE LUCA mula sa Museu Geològic del Seminari patungo sa The Artist and the Stone sa Pla de Palau
Sinasklaw ng *Please be more specific* ang lawak ng terminong *context-specific*, isinisiwalat kung paano nagtuturo ng mga moda ng pagkilos ang termino, at iminamapa ang mga hangganan ng mga sinasabing kritikal na pakikisangkot (*critical engagement*). Kaugnay ng siyentipikong pagkiling sa site-specifi-



city at ang ipinapalagay na kakayahan nitóng baguhin ang inersiya sa kinesya, tinititigan ng talakayan sa Plaza de Palau ang paglalagay ng adres kung hinihingi ang context-specificity sa isang proyekto. Sa mga proyektong artistiko, sino ang umaako sa responsabilidad ng pagiging-tiyak, at anong mga moda ng adres ang umiiral upang magamit bilang pamamaraan o materyal ang pagiging-tiyak-sa-konteksto? Maaari bang ibahagi ang pagiging-tiyak-sa-konteksto bilang anyo ng pagiging-makatwiran? Maaari ba itong mapinsala, at kung maaari, paano natin ito mababawi?

PAGDIKTA-DIDAKTISISMO DIKTADURYA: ALAM MO BA ANG PAGITAN NG BAWAT ISA?

Kasáma sina
IRINA MUTT, PEP VIDAL
at RAQUEL FRIERA

Pinagtatagpo ng ikalawang sesyon ang tatlong termino na hindi maitutumbas sa isa’t isa dahil sa antas ng kanilang kinakatawan, o dahil sa mga imahen ng paghahalaga (*valuation*) na ikinakabit sa kanila. Tinataluntong *Dictation-Didacticism-Dictatorship: Do you know the distance between them?*

OOOOPS I HAVE A PLAN

BY CHRISTINA SCHULTZ

A POETIC, MUSICAL DISCOURSE ON POST - COLONIALISM, INSTITUTION AND INSTITUTIONALIZATION THROUGH THE CONFRONTATION OF 2 POPULAR TOOLS OF THE MUSIC INDUSTRY: COVER AND REMIX

MADE FOR THE RESEARCH PROJECT
LIGHTNING STUDIES - CTCCC

DOWNLOAD OR LISTEN TO THE SINGING
PERFORMANCE THROUGH THIS URL

[HTTPS://SOUNDCLOUD.COM/MSSSCHULTZ/OOOOPS-I-HAVE-A-PLAN](https://soundcloud.com/mssschultz/oooops-i-have-a-plan)